

Kumuha ng mga impormasyon:

Ano ang dapat asahan kapag tumawag sa 911 para sa emergency sa kalusugan

Para sa mga pansamantala at banyagang manggagawa

Kung mayroon kayong emergency, tumawag kaagad sa 911.

Habang nasa tawag sa 911: Sagutin ang mga tanong para makakuha ng tulong

- Magtatanong ang tatanggap ng tawag sa 911 ng: "911 - police, fire, or ambulance?" Para sa isang medikal na emergency, sabihin ang "ambulance." Ililipat ang iyong tawag sa ambulance dispatch. Huwag ibaba ang telepono.
- Magtatanong ang tatanggap ng tawag sa 911 para sa ambulansiya para maikuha kayo ng tulong. Kung kailangan ninyo ng isang tagapagsalin-wika, sabihin ang wikang sinasalita ninyo. Ililipat ang inyong tawag sa isang tagapagsalin-wika. Huwag ibaba ang telepono.

Nagtatanong ang mga tatanggap ng tawag sa 911 para sa ambulansiya para maintindihan ang emergency at ang inyong lokasyon:

- Ano ang medikal na emergency?
- Ano ang address ng emergency (lungsod, bayan, pangalan ng kalye, numero ng bahay o tinitirhan)?
- Saan kayo matatagpuan (sa field, kabina, barn, bunk house)?
- Ano ang numero ng inyong telepono / cell phone?
- Kailangan ba ninyo ng isang tagapagsalin-wika? Kung oo, anong wika ang ginagamit ninyo sa pakikipag-usap?

Tumutulong ang mga sagot na makapagpasya ang mga tatanggap ng tawag kung anong tulong ang ipapadala.

Sundin ang kanilang mga instruksyon hanggang sa dumating ang tulong.

Pagkatapos ng tawag sa 911: Kung ligtas kayo, manatili sa kung nasaan kayo

- Paparating ang ambulansiyang may mga paramediko para tulungan kayo. Huwag umalis sa lokasyon kung ligtas.
- Kung ang pagtawag ninyo ay tungkol sa ibang tao, salubungin ang mga paramediko kapag dumating sila at dalhin sila sa taong iyon.
- Gagawa ang mga paramediko ng medikal na pagsusuri. Maaari silang magbigay ng paggamot at pagkatapos ay dadalhin ang pasyente sa isang ospital o pasilidad para sa pangangalaga ng kalusugan.

Kung mangyayari ang medikal na emergency sa trabaho, tumawag sa 911 at gamitin ang sumusunod na impormasyon:

Address: _____

Intersection: _____

at _____

Ang wikang sinasalita ko ay:
